

MGA MAHALAGANG BAGAY NA DAPAT MONG MALAMAN TUNGKOL SA IYONG PLAN

TINGNAN ANG IYONG COVERAGE

Hindi lahat ay sakop ng iyong insurance! Tingnan ang iyong mga benepisyo bago gamitin ang plan. Mayroong mga limitasyon at hindi kasama sa iyong coverage.

ANG IYONG CARD SA PLANONG PANGKALUSUGAN

ay ipapadala sa iyo sa e-mail at makukuha rin sa website o sa Student VIP mobile app na mada-download nang 24/7. Kailangan mong ipakita ang card na ito kapag nagpapatingin sa doktor para maiwasang magbayad ng mula sa sariling bulsa. **I-scan ang QR code para makuha ang iyong card.**



MAGHANAP NG DOKTOR

o iba pang provider na pangmedikal sa website o sa Student VIP mobile gamit ang Provider Search Tool.

KALUSUGAN NG ISIP AT PAGIGING NASA MABUTING KALUSUGAN

KINIKILALA ANG KALUSUGAN NG ISIP SA CANADA

Hinihikayat ka naming makipag-usap sa isang tao at tingnan ang iyong nararamdaman sa tulong ng tagapayo sa pamamagitan ng I.M. Well, isang serbisyo na kasama sa iyong plan.

Nandito kami nang 24/7 kasama ang Sabado at Linggo at mga holiday. Available ang pagpapayo sa mahigit 200 wika.



AGARANG PANGANGALAGANG MEDIKAL MULA SA ACCSA


VIRTUAL NA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN

Ang lahat ng internasyonal na estudyante ay maaaring magpatingin kaagad sa isang Canadian na doktor nang libre, gamit ang bagong Virtual Health Clinic.

Bisitahin ang website o i-download ang Student VIP mobile app para simulan ang iyong appointment.

Kung kailangan mo ng eksaminasyon, ang Virtual Reality Clinic na matatagpuan sa Vic Ave Campus ay nangangahulugang maaaring tingnan ng iyong doktor ang iyong mga mata, tainga, lalamunan, pakinggan ang tibok ng puso mo, mga бага at marami pa.

HINDI KAILANGANG MAGHINTAY WALANG BABAYARAN HINDI KAILANGANG NG CARD WALANG MGA FORM



STUDENT VIP MOBILE APP

Ang iyong libreng mobile app sa kalusugan at pagiging nasa mabuting kalusugan para sa internasyonal na estudyante. I-download na ito para ma-access ang insurance sa kalusugan, mga serbisyo sa campus, mga alerto para sa kaligtasan, at marami pa.

Maghanap: Student VIP Code ng grupo para magparehisto: ACCSA



- studentvip.ca/ACCSA
- 1-888-918-5056 (Walang Bayad)
- +1 204-725-8710
- accsa@assiniboine.net
- ACCSA Office Room 413
1430 Victoria Ave East
Brandon MB Canada

Internasyonal na Estudyante Plan na Pangmedikal at Para Manatiling Nasa Mabuting Kalusugan



Para sa mga internasyonal na estudyante na naka-enroll sa Assiniboine Community College
Taon ng Policy: 2022-2023

Numero ng Policy:
09401A

PINAPAGANA NG:



studentvip.ca/ACCSA



- info@studentvip.ca
- 1-888-918-5056
- www.studentvip.ca
Kailangan ng tulong?
Gamitin ang Live Chat na feature sa aming website



SINO ANG KASAMA SA PLAN?

Ang lahat ng internasyonal na estudyante na nag-aaral sa Assiniboine Community College ay awtomatikong kasama sa plan at idinaragdag ang fee sa iyong student account.

COVERAGE SA PAMILYA

Maaari mong isama ang iyong mga kwalipikadong kapamilya para sa coverage sa panahon ng pag-opt in sa online sa studentvip.ca/accsa. Mayroong karagdagang fee para sa coverage sa pamilya.

SUPORTA SA CAMPUS

Nandito ang Service Administrator sa ACCSA para tulungang masagot ang anumang tanong na mayroon ka tungkol sa iyong coverage sa plan sa kalusugan at mga serbisyo sa kalusugan at pananatiling nasa mabuting kalusugan. Mag-email sa gafring@Assiniboine.net para sa suporta.



ALAMIN PA ANG TUNGKOL SA IYONG COVERAGE

I-scan ang QR code para maghanap ng higit pang detalye tungkol sa kung ano ang sinasakop.

BUOD NG INTERNASYONAL NA PLAN NA PANGMEDIKAL

100% coverage na hanggang \$5,000,000 CDN kada taon (maliban kung sinabi)

PANGMEDIKAL AT PAGIGING NASA MABUTING KALUSUGAN

Doktor / Surgeon / Espesyalista	Pagpapatingin sa doktor para sa pangmedikal na pagkonsulta, diagnosis, o para magreseta ng gamot para sa sakit o pinsala. Kasama sa mga halimbawa ang mga impeksyon sa tainga, masakit na lalamunan, sipon at trangkaso, mga sakit ng ulo, sakit ng tiyan, at iba pang alalahanin sa kalusugan.
Ospital	Mga pagpunta sa emergency room ng ospital o pagkaka-admit sa ospital sa isang pangmedikal na emergency. Kung hindi emergency ang iyong pinsala o sakit at maaari itong makapaghintay na magamot, pakigamit ang Virtual Health Clinic sa halip.
Mga Pagkonsulta para sa ADHD	Pagpunta sa doktor para ma-assess sa ADHD o para maresetahan ng gamot.
Mga Pagkonsulta para sa Pampigil sa Pagbubuntis	Mga pagpapatingin sa doktor para sa mga reseta para sa pampigil sa pagbubuntis.
Mga Pagkonsulta para sa Taghiyawat	Mga pagpapatingin sa doktor o dermatologist kung mayroon kang mga alalahanin sa taghiyawat o kailangan ng iniresetang gamot para sa taghiyawat.
Mga pagbabakuna \$100/kada uri	Mga bakuna na inirerekomenda ng Public Health para maiwasan ang sakit.
Eksaminasyon ng Mata \$100	Eksaminasyon ng mata para masuri ang iyong paningin.
Mga Inireresetang Gamot	Hanggang 60 araw na supply ng gamot na kinakailangan para magamot ang sakop na pinsala o sakit lang.
Mga Kagamitan at Supply na Pangmedikal	Pag-upa ng mga saklay, wheelchair, splint, tungkod, at marami pa.

PANGMEDIKAL NA PAGSUSURI

Imaging	Mga X-ray, CT Scan, MRI, at iba pang pangmedikal na imaging na kinakailangan para ma-diagnose at magamot ang pinsala o sakit.
Mga Pagsusuri sa Laboratoryo	Pagsusuri ng dugo at iba pang pangmedikal na pagsusuri na kinakailangan para ma-diagnose at magamot ang pinsala o sakit.
Pagsusuri ng STI	Mga pagpapatingin sa doktor at mga pagsusuri sa laboratoryo at paggamot ng mga impeksyon/sakit na naihahawa sa pamamagitan ng sekswal na paraan.

KALUSUGAN NG ISIP

Pagpapayo (outpatient) \$10,000 (pangmatagalang maximum)	Mga pagpapatingin sa lisensyadong psychologist, psychiatry, at psychotherapist
Pagpapayo (inpatient) \$60,000 (pangmatagalang maximum)	Kung makakatanggap ka ng pangangalaga ng psychiatrist habang nasa ospital.
Pagpapaospital \$60,000 (pangmatagalang maximum)	Kung kailangan mong manatili sa ospital dahil sa alalahanin na may kaugnayan sa kalusugan ng isip.
Social Worker \$500	Mga pagpapatingin sa lisensyadong social worker para sa pagpapayo.
Pagpapayo para sa Trauma	Hanggang 6 na pagkonsulta sa isang lisensyadong therapist para sa pagpapayo pagkatapos ng nakaka-trauma na pangyayari.

PARAMEDIKAL \$1,000/URI

Physiotherapist, Chiropractor, Lisensyadong Chiroposist, Massage Therapist, Osteopath, Podiatrist, Acupuncturist, Speech Therapist, o Naturopath	Pagkatapos ng sakop na pinsala o sakit, may referral ng mga doktor, mga pagpapatingin sa paramedical practitioner na nasa listahan.
--	---

DENTAL NA EMERGENCY

Pang-emergency na Pagpapaginhawa ng Pananakit \$1,000	Mga pagpapatingin sa dentista para magbigay ng pang-emergency na pagpapaginhawa ng pananakit. Karagdagang \$100 kada ngipin para sa mga pagbunot ng wisdom teeth
Dahil sa aksidente \$4,000	Aksidente sa ngipin tulad ng pagkahulog o pagtama sa bibig na nagdudulot ng pinsala sa ngipin.

AKSIDENTE

Pagkamatay Dahil sa Aksidente \$50,000	Kung mamamatay ka dahil sa hindi inaasahang aksidente.
Pagkamatay Dahil sa Karaniwang Carrier	Kung mamamatay ka dahil sa hindi inaasahang aksidente sa eroplano o iba pang karaniwang carrier na paraan ng transportasyon.

TRANSPORTASYON

Rideshare/Taxi \$125	Mga halaga ng transportasyon para pumunta sa ospital.
Ambulansya \$10,000	Pang-emergency na transportasyon papunta sa ospital sa pamamagitan ng ambulansya.
Pagbibiyahe ng Pamilya \$5,000	Kung maoospital ka nang mahigit sa 7 araw, mayroong coverage para sa 2 immediate na kapamilya para kasama mong lumipad sa iyong tabi. Karagdagang \$1,500 sa mga gastos tulad ng accomodation.
Pagbalik sa sariling bansa \$20,000	Pamasaha sa eroplano kung ikaw ay may sakit at napinsala at kailangan umuwi (kasama ang pangmedikal na attendant sa flight).

PAGLALAKBAY

Sa loob ng Canada	Aktibo ang iyong coverage sa buong Canada kung magbibiyahe ka para sa kasiyahan o para mag-aral o magtrabaho.
Sa labas ng Canada	Aktibo ang iyong coverage sa labas ng Canada kung magbibiyahe ka para sa kasiyahan sa loob ng 120 araw. Kung magbibiyahe ka para mag-aral, aktibo ang iyong coverage nang hanggang 186 na araw basta't gugugulin ang 51% ng panahon ng iyong policy sa Canada
Sariling Bansa \$10,000	30 araw ng pangmedikal na coverage kapag binibisita ang iyong sariling bansa.

Kung naka-enroll ka sa Drug & Dental Plan ng ACCSA, mayroon kang karagdagang coverage.

Buod lang ito ng coverage. Available ang mga karagdagang benepisyo sa policy na makikita online kasama ang mga limitasyon at hindi kasama.